

# Ano Ang Patunay ng Pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Kanyang mga Nilalang sa Pamamagitan ng Pagpapahayag?

Ang Patunay ng Pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Kanyang mga Nilalang sa Pamamagitan ng Pagpapahayag

1-Karunungan: Kung ang isang tao ay magtatayo ng bahay at pagkatapos ay iiwan ito na walang silbi para sa kanya o sa iba, agad natin siyang hahatulan bilang hindi marunong. Sa gayon, sa pinakamatayog na paraan, may layunin sa paglikha ng sansinukob at paglalaan ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan para sa tao.

2-Likas na Ugali: May malakas na likas na pagnanasa ang tao na malaman ang kanyang pinagmulan at layunin ng kanyang pag-iral. Ang likas na ugali ng tao ay nagtutulak sa kanya na hanapin ang lumikha sa kanya. Ngunit ang tao lamang ay hindi kayang tukuyin ang mga katangian ng lumikha at ang layunin ng kanyang pag-iral maliban kung may makialam na makalangit na kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mensahero upang ibunyag ang mga katotohanang ito.

Makikita natin na maraming mga lahi ang nakakita ng kanilang landas sa mga banal na kapahayagan, samantalang ang iba pang mga lahi ay patuloy pa rin sa kanilang pagkaligaw na naghahanap ng katotohanan at huminto sa kanilang pag-iisip sa mga materyal na simbolo ng daigdig.

3-Moralidad: Ang ating uhaw sa tubig ay patunay ng pag-iral ng tubig bago pa natin malaman ang pagkakaroon nito. Gayundin, ang ating paghahangad sa katarungan ay patunay ng pagkakaroon ng makatarungan. Ang taong nakakakita ng mga kakulangan at kawalan ng katarungan sa buhay na ito ay hindi mapapayapa na matatapos na lamang ito ng walang hustisya. Ang tao ay nakadarama ng kaginhawahan at katiwasayan kapag ipinakilala sa kanya ang ideya ng muling pagkabuhay, buhay sa kabila, at pagpaparusa.

Ang taong nakakakita ng mga kakulangan at kawalan ng katarungan sa buhay na ito ay hindi mapapayapa na matatapos na lamang ang buhay na ito ng walang hustisya at

pagpaparusa sa mga nagkasala. Bagkus, ang tao ay nakakaramdam ng kaginhawahan at katiwasayan kapag ipinakikilala sa kanya ang ideya ng muling pagkabuhay, buhay sa kabila, at pagpaparusa sa mga nagkasala. Walang duda na ang tao na haharap sa paghusga ay hindi maaaring iwanang walang patnubay, gabay, paghimok, o babala—at ito ang tungkulin ng relihiyon.

Ang pagkakaroon ng mga kasalukuyang relihiyon na ang mga tagasunod ay naniniwala sa banal na pinagmulan nito ay isang direktang patunay ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga tao. Kahit na tinatanggihan ng mga ateista ang pagpapadala ng Diyos ng mga mensahero o banal na aklat, sapat na ang kanilang pagkakaroon at pagpapatuloy bilang isang matibay na patunay ng matinding pagnanais ng tao na makipag-ugnayan sa Diyos at punan ang likas na pangangailangan nito.

سؤال وجواب حول الإسلام

المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/tl/69/>

Arabic المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/ar/69/>

Thursday 21st of May 2026 11:49:38 PM